Los Angeles County

# BAKUNA SA COVID-19 AT MGA LINYADA NG FETAL CELL

Sa iba't ibang yugto ng pagbuo at paggawa ng bakuna, ang ilan sa mga bakuna sa COVID-19 ay gumagamit ng mga selula (cells) na orihinal na nakabukod mula sa fetal tisyu (kadalasang tinatawag bilang fetal cells), ilan sa mga ito ay orihinal na kinuha mula sa isang nalaglag na fetus (aborted fetus). Ang paggamit ng mga linyada ng fetal cell ay isang napakasensitibo at mahalagang paksa sa loob ng ilang mga komunidad sa pananampalataya at sa hanay ng mga indibidwal na may mga pagkabahala tungkol sa etika ng paggamit sa materyales na kinuha sa ganitong paraan.

Mahalaga para sa lahat na magkaroon ng lahat ng naaangkop na impormasyon upang makagawa ng isang ganap na may kaalamang desisyon tungkol sa pagbabakuna sa COVID-19. Para sa mga taong may mga katanungan o pagkabahala tungkol sa paggamit ng mga linyada ng fetal cell sa pagbuo ng bakuna, mangyaring suriin ang impormasyong ipinakita sa handout na ito at isaisip ang mga sumusunod na pagsasaalang-alang kapag gumagawa ng iyong desisyon sa bakuna:

- Para ating mabuwag ang kawing ng transmisyon ng sakit at protektahan ang ating komunidad mula sa COVID-19, kakailanganin natin ang malaking mayorya ng publiko na mabakunahan laban sa virus.
- Ang pagbabakuna ay hindi lamang nagpoprotekta sa iyo, ngunit maaari ring protektahan ang iyong pamilya, mga kaibigan, at sa mga tao na nasa ating komunidad na karamihan ay bulnerable o mahina sa malalang sakit mula sa COVID-19.
- Ang mga panganib at benepisyo ng pagbabakuna sa COVID-19 ay mag-kakaiba mula tao sa tao, at ang mga indibidwal ay maaaring gustuhing isaalang-alang na talakayin ito sa kanilang sariling tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider).
- Ang ilang mga grupo ng relihiyon at bioetika ay sinuri at nagkomento sa mga etikal na pagsasaalang-alang sa pagtanggap ng mga kasalukuyang bakuna sa COVID-19. Marami sa mga pagsasaalang-alang ay binanggit sa ibaba.
- Habang ang suplay ng bakuna ay nananatiling limitado, maaaring hindi ka mabigyan ng pagkakataong pumili sa kung aling bakuna sa COVID-19 ang matatanggap mo.
- Ang mga indibidwal ay maaaring gustuhin na isaalang-alang ang pagkakaroon ng personal na pag-uusap sa kanilang pinuno sa pananampalataya o taong ekspiryensyado sa bioetika (bioethics).

## Bakit ginagamit ang mga fetal cell sa paggawa ng mga bakuna?

Ang makasaysayang mga linyada ng fetal cell ay nanggaling sa mga dekadang 1960 at 1970 mula sa dalawang piniling aborsyon at ginamit upang lumikha ng mga bakuna para sa mga sakit na tulad ng hepatitis A, rubella, at rabies. Ang mga aborsyon kung saan kinuha ang mga fetal cell ay ayon sa pagpapasya at hindi ginawa para sa layunin ng pagbuo ng bakuna.

Ang mga linyada ng fetal cell na ginagamit para gumawa ng ilan sa mga potensyal na bakuna sa COVID-19 ay mula sa dalawang pinagkukunan:

- HEK-293: Isang linyada ng selula sa bato (kidney cell line) na nakabukod mula sa isang fetus noong 1973 (hindi ibinunyag na pinagmulan, alinman ay mula sa isang likas na pagkakakunan o isang piniling aborsyon)
- PER.C6: Isang linyada ng retinal cell na nakabukod mula sa isang ipinalaglag na fetus noong 1985

Ang anumang bakuna na umaasa sa mga makasaysayang linya ng selula (cell lines) ay hindi mangangailangan o mangangalap man ng mga bagong aborsyon.

Para bumuo o gumawa ng ilang bakuna, mas pinipili ng mga parmasyutikong kumpanya ang mga linyada ng mga selula ng tao kaysa sa iba pang mga selula dahil 1) ang mga virus ay nangangailangan ng mga selula para lumaki at ang mga virus ay tila lumalaki nang mas maganda sa mga selula na mula sa mga tao kaysa sa mga hayop (dahil ang mga ito ay hinahawaan ang mga tao), 2) ang mga fetal cell ay maaaring magamit nang mas matagal kaysa sa iba pang mga uri ng selula, at 3) ang mga fetal cell ay maaaring panatilihin sa mga mababang temperatura, na nagpapahintulot sa mga siyentipiko (scientists) na patuloy na gamitin ang mga linyada ng selula mula sa mga nakalipas na dekada. Habang ang mga linyada ng fetal cell ay maaaring gamitin para buuin o gawin ang mga bakuna sa COVID-19, ang mga bakuna mismo ay **hindi naglalaman ng anumang mga inilaglag na fetal cell (aborted fetal cells)**. Isang komprehensibong listahan ng mga kasalukyang binubuong bakuna sa COVID-19 at anumang koneksyon sa mga linyada ng selula na nanggaling sa aborsyon ay makikita dito.

## Ang mga bakuna sa COVID-19 ng Pfizer at Moderna ay binuo ba gamit ang mga linyada ng fetal cell?

Ang mga mRNA na bakuna sa COVID-19 na ginawa ng Pfizer at Moderna ay **hindi nangangailangan ng paggamit ng anumang paglilinang ng fetal cell upang gawin (likhain) ang bakuna.**

Sa kaagahan ng pagbubuo ng teknolohiya sa mRNA na bakuna, gumamit ng mga fetal cell para sa "patunay ng konsepto" (para ipakita kung paano ang isang selula ay maaring kumuha ng mRNA at gawin ang SARS-CoV-2 spike protein) o bigyang katangian ang SARS-CoV-2 spike protein.

Ang mga bakuna ng Pfizer at Moderna ay napag-alaman na **etikal na walang kontrobersiya** ayon sa organisasyon sa polisiyang pro-life na the Charlotte Lozier Institute. Dagdag pa rito, ang Secretariat of Pro-Life Activities, isang komite sa loob ng Komperensya ng mga Obispong Katoliko ng U.S (United States Conference of Catholic Bishops), ay nagsaad: "wala alinman sa Pfizer o Moderna ang gumamit ng isang linyada ng selula na nanggaling sa aborsyon sa pagbuo o paglikha ng bakuna. Gayunpaman, ang nasabing linyada ng selula ay ginamit para suriin ang bisa ng parehong bakuna. Sa gayon, habang wala alinman sa bakuna ang ganap na hindi gumamit ng mga linyada ng selula na nanggaling sa aborsyon, sa dalawang kasong ito ang paggamit ay napakalayo mula sa paunang kasamaan ng aborsyon… maaaring tanggapin ng isang tao ang alinman sa mga klinikal na rekomendadong bakuna sa mabuting konsyensya na may katiyakan na ang pagtanggap ng nasabing bakuna ay hindi kinasasangkutan ng imoral na kooperasyon sa aborsyon."

## Ang mga bakuna sa COVID-19 na Johnson & Johnson (Janssen Pharmaceuticals) ay binuo ba gamit ang mga linyada ng fetal cell?

Ang hindi-kopyang viral vector na bakuna na gawa ng Johnson & Johnson **ay tunay na nangailangan ng paggamit ng mga paglilinang ng fetal cell, partikular ang PER.C6, para likhain at gawin ang bakuna**. Ang Simbahang Katolika at ang Southern Baptist Ethics & Religious Liberty Commission ay parehong nagsaad na ang **pagtanggap ng bakuna sa COVID-19 na nangangailangan ng mga linyada ng fetal cell para sa paglikha at paggawa ay moral na katanggap-tanggap**. Ang Komperensya ng mga Obispong Katoliko ng U.S. ay nagpatuloy pa at nagsaad na: "ang pagtanggap ng bakuna sa COVID-19 ay dapat na unawain bilang isang pagganap ng kawanggawa (charity) sa iba pang mga miyembro ng ating komunidad. Sa paraang ito, ang ligtas na mabakunahan laban sa COVID-19 ay dapat na ituring bilang isang pagganap ng pagmamahal ng ating kapitbahay at bahagi ng ating responsibilidad para sa

kabutihang panlahat…Kung pagbabatayan ang pagkamadalian ng krisis na ito, ang kakulangan sa mga magagamit na alternatibong bakuna, at ang katotohanan na ang koneksyon sa pagitan ng aborsyon na naganap ilang dekada na ang nakalipas at ang pagtanggap ng bakuna sa ngayon ay malayo na, ang mabakunahan gamit ang mga bagong bakuna sa COVID-19 sa mga pangyayaring ito ay moral na nabibigyang-katwiran."

Noong ika-2 ng Marso, 2021, ang Komperensya ng mga Obispong Katoliko ng U.S. ay naglabas ng isang pahayag na pinagtutuunan ang paggamit ng bakuna sa COVID-19 ng Johnson & Johnson. Isinaad ng mga Obispo: "kung makakapili ang isang tao sa mga hanay ng magkakatumbas na ligtas at epektibong mga bakuna sa COVID-19, ang bakuna na may pinakakaunting koneksyon sa mga linyada ng selula na nanggaling sa aborsyon ang dapat na piliin. Samakatuwid, kung ang isang tao ay may kakayahan na pumili ng isang bakuna, ang mga bakuna ng Pfizer o Moderna ay dapat na piliin higit sa bakuna ng Johnson & Johnson…Habang dapat nating patuloy na igiit na tigilan ng mga parmasyutikong kumpanya ang paggamit ng mga linyada ng selula na nanggaling sa aborsyon, dahil sa pangbuong mundong pagdurusa na sinasanhi ng pandemyang ito, aming muling pinaninindigan na ang mabakunahan ay maaaring maging isang pagganap ng kawanggawa na nagsisilbi sa kabutihang panlahat."

Ang Simbahang Katolika ay nagsaad, "Sa mga tao, gayunpaman, para sa mga kadahilanan ng konsensya, na tumanggi sa bakuna na nilikha gamit ang mga linyada ng selula na mula sa mga inilaglag na fetus, sa kanilang pinaka-makakaya ay iwasan, sa pamamagitan ng iba pang paraan ng panlaban sa sakit at naaangkop na pag-uugali, na maging mga behikulo para sa transmisyon ng nakahahawang sangkap. Partikular, dapat nilang iwasan ang anumang panganib sa kalusugan ng mga taong hindi maaaring mabakunahan para sa medikal o iba pang mga kadahilanan, at siyang mga pinaka-mahihina."

## Saan ako makakahanap ng higit pang impormasyon?

Ang ilang mga grupo at mga institusyong bioetika na sinasalungatan ang paggamit ng mga inilaglag na fetal cell sa pagbuo o paggawa ng mga bakuna ay nagbanggit na ang mga indibidwal ay maaaring etikal na tanggapin ang mga bakunang ito kapag walang mga alternatibo na etikal ang pagkakakuha.

Para sa higit pang impormasyon mula sa mga grupong ito patungkol sa isyung ito, tingnan ang mga sumusunod na ugnay (link):

- National Catholic Bioethics Center
- Pontifical Academy of Life Statement
- United States Conference of Catholic Bishops
- The Vatican – Congregation for the Doctrine of the Faith
- The North Dakota Catholic Conference
- Charlotte Lozier Institute
- The Pillar – The ultimate Catholic coronavirus vaccine morality explainer

*Kinopya mula sa Kalusugan ng North Dakota handout*
*na may pahintulot mula sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng North Dakota.*